

Ang Mahiwagang Tinig


Ang Mahiwagang Tinig

Noong unang panahon, may isang lalaking ayaw mag-asawa. Pero kahit di niya gusto, ipinakasal siya ng kaniyang mga magulang sa isang babaeng hindi niya iniibig. Nagkaanak sila ng kambal, isang babae at isang lalaki. Sila sina Juan at Maria. Mula nang isilang ang kambal ay hindi nila naranasan ang tunay na pagmamahal ng kanilang ama. Ayaw silang makita o mahawakan man lang nito. Kaya naman madalas silang itinatago ng kanilang ina sa silong ng bahay. Nagagalit ang ama kapag binibigyan sila ng pagkain ng ina. Kaya naman, tuwing aalis ang ama para magtrabaho ay doon lang niya pinaaakat sa bahay ang mga anak at pinakakain. Dahil dito, pumayat nang sobra ang kambal.

Isang araw, sinabi ng lalaki sa kaniyang asawa, “Iwan ko ang mga bata sa gubat. Parati rin lang silang gutom, marami silang makakain doon.” Kahit anong pakiusap ng asawa ay ginawa pa rin ito ng lalaki.

Sa gubat, iniwan at iniligaw sila ng ama. Gutom na gutom na sila. Nakakita sila ng mga duhat at agad nila itong kinain. Nang mawala ang gutom, naglakad uli sila nang naglakad.

“Hindi ko na kaya Juan, pagod na pagod na ako!”



ani Maria. "Huwag kang susuko Maria! Patuloy lang tayong maglakad. Makakakita rin tayo ng matitirhan," wika ni Juan. Naisip niyang umakyat sa puno ng manga at magmasid sa paligid. Sumigaw siya sa tuwa "Maria, may bahay sa kakahuyan! Dali, puntahan natin!"

"Tapo po, tao po!" Walang sumasagot kung kaya't pumasok sila nang walang paalam. Nagulat sila sa kanilang nakita. Punong-puno ng pagkain sa mesa. Wala naman silang makitang tao sa bahay.

"Kumain kayo at uminom hangga't gusto niyo, mga anak," ang sabi ng isang tinig.

Sa sobrang gutom ay hindi na sila nahiyang kumain. Pagkatapos ay nagpaalam na sila at nagsabing, "maging sino man kayo, salamat po sa iyong kabutihan." Subalit pinigilan sila ng tinig. "Puwede kayong manirahan dito hangga't gusto ninyo."

Mula noon ang munting bahay ay napuno ng sigla at nagsilbi nilang kanlungan sa loob ng maraming taon.

Sa paglipas ng panahon, nagkasakit ang kanilang ama. Noon nito naalala ang kaniyang mga anak. Labis-labis ang pagsisisi nito sa nagawang kasalanan sa mga ito. Isang araw, kinausap niya ang kaniyang asawa.

"Patawarin mo ako sa aking kasalanan, alam kong hindi na magtatagal ang aking buhay. Hanapin mo ang



ating mga anak at ihingi mo ako sa kanila ng tawad," ang bilin niya bago nalagutan ng hininga.

Isang umaga, may dumating na isang prinsipeng naka-kabayo. Naagaw ang kaniyang pansin ng kagandahan ni Maria. Nabighani siya dito. Lumipas ang mga buwan at sila ay naging magkasintahan. Nagkasundo silang magpakasal.

Sa mismong araw ng kanilang kasal ay biglang dumating ang hindi inaasahang bisita, ang kanilang ina. Tuwang-tuwa ang mag-iina.

Ikinuwento ng ina na may tinig na nagsabing pumunta siya sa kasalang iyon.

Pagkatapos ng kasal, nanirahan sa isang magandang palasyo ang mag-iina.

Hindi naglaon, nagpakasal na rin si Juan sa prinsesa na kapatid ng asawa ni Maria.

Sa kanilang masayang pagkukuwentuhan, iniisip pa rin nila kung kanino ang tinig na nag-alaga sa magkapatid at nagturo sa ina sa kanilang kinaroroonan.

